3 Mga Paraan Upang Mapabuti ang Panloob na Hangin at Mabawasan ang Panganib sa Pagkalat ng COVID-19

Ang malinis na panloob na hangin ay isa sa mga pinakamahusay na mga paraan upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa loob ng mga gusali. Ang mga sumusunod na estratehiya ay makakatulong sa paglilinis ng panloob na hangin sa iyong pasilidad:

1. DAGDAGAN ANG DALOY NG HANGIN

Paano kong mapapapasok ang hangin na galing sa labas sa mga panloob na mga espasyo?

- Buksan ang mga bintana at mga pintuan upang madagdagan ang daloy ng hangin na galing sa labas papasok sa gusali.
- Dagdagan ang daloy ng hangin na galing sa labas na nakuha sa pamamagitan ng sistema ng Heating, Ventilation, and Cooling (HVAC) (Pampainit, Bentilasyon, at Pampalamig) ng 100%.

2. Linisin ang Panloob na Hangin



Paano ko matatanggal ang mga polusyon mula sa panloob na hangin?

- Magdagdag ng pagsasala ng hangin sa loob ng mga gusali sa pamamagitan ng pagpapabuti ng iyong sistema ng HVAC o pagdadagdag ng portable na mga panlinis ng hangin na HEPA:
- Suriin ang iyong sistema ng HVAC upang matukoy kung maaari nitong makaya ang mga piltro na may mataaas na kahusayan (na-rate ng MERV 13 o mas mataas). Magkabit ng mga piltro kung maaari.
- Gumamit ng mga portable na mga panlinis ng hangin na HEPA na nagbibigay ng 99% o mas mataas na kahusayan sa pagsasala pababa sa 0.3 microns.
- Gumamit ng isang kahon na bentilador na may MERV 13 na piltrong pang-pugon na nakakabit sa likod nito. Ito ay isang mapagpipilian na may mababang gastos.

3. PATAYIN ANG MGA MIKROBYO SA HANGIN GAMIT ANG UPPER ROOM ULTRAVIOLET GERMICIDAL IRRADIATION (UVGI)

Ang mga sistema ng UVGI ay maaaring gawin nitong hindi aktibo ang mga mikrobyo sa hangin ngunit hindi nito kayang alisin ang mga polusyon. Ang UVGI ay maaaring isang kapaki-pakinabang na karagdagan sa bentilasyon at pagsasala ng hangin upang mapabuti ang panloob na hangin sa ilang mga sitwasyon.

- Kung naaangkop para sa iyong espasyo, **makipagtulungan sa isang dalubhasa upang magkabit ng mga sistema ng UVGI.**



Kumunsulta sa iyong tagapamahala ng gusali o espesyalista sa HVAC upang talakayin ang mga estratehiya na pinakamahusay na tutugon para sa iyong pasilidad.

Para sa mas detalyadong impormasyon sa mga tatlong estratehiyang ito at upang alamin kung paano kilalanin ang mga teknolohiya na dapat iwasan, mangyaring tingnan ang www.kingcounty.gov/covid/air. (Ang website ay sa Ingles lamang)

April 15,2021

Public Health
Seattle & King County